ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# MULA TITIK HANGGANG TINIG: ISANG INTERPRETIB NA PENOMENOLOHIKAL NA PAGSUSURI SA PAG-ANGAT NG NON-READER SA INDEPENDENT READER

**Jay Mark I. Sausa[1], Dr. Marsan dela Salde[2]**
[1]*Master Teacher, Antonio V. Fruto Sr. National High School*
[2]*Part-Time Professor, University of the Immaculate Conception*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra24389**
**DOI No: 10.36713/epra24389**

## ABSTRAK

*Nilalayon ng pag-aaral na ito na tuklasin ang mga karanasan, estratehiya, at pananaw ng mga tagapag-ugnay sa pagbasa sa matagumpay na pagpapabago ng mga non-reader tungo sa pagiging independent reader. Gumamit ito ng kwalitatibong disenyo sa pamamagitan ng Interpretib na Penomenolohikal na Pagsusuri (IPA) upang maunawaan ang malalim na kahulugan ng mga karanasang ito sa konteksto ng pagtuturo at pagkatuto. Walong (8) tagapag-ugnay sa pagbasa mula sa mga pampublikong paaralan sa Sangay ng Davao del Norte ang naging kalahok sa pananaliksik. Lumitaw sa pag-aaral na ang mga tagapag-ugnay sa pagbasa ay nahaharap sa iba't ibang hamon gaya ng kakulangan sa oras, kagamitan, at pagsasanay; gayunman, napagtagumpayan nila ito sa pamamagitan ng kolaborasyon, dedikasyon, at pag-aangkop ng mga estratehiyang nakasentro sa mag-aaral. Kabilang sa mga epektibong estratehiya ang one-on-one reading sessions, peer tutoring, paggamit ng lokal na materyales, at pagbibigay ng emosyonal na suporta upang maibalik ang tiwala ng mag-aaral sa pagbasa. Ipinakita ng resulta na ang pag-angat ng mga mag-aaral mula sa non-reader patungong independent reader ay bunga ng makabuluhang ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral, aktibong partisipasyon ng magulang, at suporta ng pamunuan ng paaralan. Sa teoretikal na pananaw, inangkla ang pag-aaral sa Sociocultural Theory ni Vygotsky, Cognitive Theory ni Anderson, at Reader-Response Theory ni Rosenblatt, na pawang nagbibigay-diin sa interaksyon, pagproseso ng impormasyon, at personal na pag-unawa bilang salik sa paglinang ng literasi. Iminumungkahi ng pag-aaral na palakasin ang propesyonal na pagsasanay ng mga tagapag-ugnay sa pagbasa at palawakin ang mga programang sumusuporta sa mga mag-aaral upang makamit ang layuning makapagbasa nang may tiwala at kasanayan.*

**MGA SUSING SALITA:** *Tagapag-ugnay sa Pagbasa, Non-Reader, Independent Reader, Interpretib na Penomenolohikal na Pagsusuri*

## INTRODUKSYON

Ang tagapag-ugnay sa pagbasa ay nangangahulugan bilang mga eksperto sa paghubog sa literasi at kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang kanilang layunin ay suportahan ang mga mag-aaral na maging mahusay sa larangan ng pagbasa, pagsulat at bilang tagasuri sa wikang ginamit sa teksto (Moats, 2020). Isa sa nagpapahirap sa mga tagapag-ugnay sa pagbasa ay ang pagharap sa mga mag-aaral na nagpapakita ng kawalan ng interes sa pagbabasa na humahadlang sa pagpapatupad ng mga programa sa remediation (Taganas et al., 2024). Sila ay may malaking papel sa pag-implementa sa mga programang pagbasa at pagbibigay suporta sa mga guro, at subaybayan ang pag-unlad ng mag-aaral (Ortiz, 2024). Nahaharap sila sa mga pagsubok tulad ng kakulangan sa kagamitan at pagsasanay, limitadong oras para sa mga aktibidad, at ang matibay na ugnayan ng guro at ibang tagapakinabang ng paaralan.

Sa Florida, United States of America, ang mga tagapag-ugnay ay nahaharap sa problema kung paano mapaangat ang proficient level ng kanilang mga mag-aaral. Sa kabila ng mga pagsisikap sa pag-iimplementa ng mga interbensyon at sa paglalaan ng pondo sa pagbasa, lumalabas pa rin ang kakulangan sa pagsasanay ng mga guro na nakaaaapekto sa kalidad ng pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral (Foorman, 2016). Sa Thailand naman, ang mga tagapag-ugnay sa pagbasa ay nahaharap sa mga hamon sa pagpapatupad ng mga programa sa pagbasa dahil sa kakulangan ng suporta mula sa paaralan. Pinapalala pa ito ng kakulangan ng interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa, na nagiging hadlang sa matagumpay na pagpapatupad ng interbensyon (Thongsan, 2024). Samantala sa Nigeria (Unigwe, 2018), ang mga tagapag-ugnay ay nahaharap sa hamon sa pagbasa dahil sa katayuan sa buhay ng mga mag-aaral.

Sa Sorsogon, ang mga mag-aaral na nagtapos ng elementarya ay isang-katlo sa kanila ay natutukoy bilang frustrated readers at isang-katlo rin ay instructional readers (Luz, 2007). Sa Zamboanga naman, maraming mga tagapag-ugnay ang nangangailangan ng sapat na pagsasanay sa paglinang ng literasi. Ngunit, sa tunay na buhay, sila ay natututo lamang sa kanilang trabaho kahit walang pormal na kaalaman at suporta. Ayon kay Didion et al, 2020, ito ay maaaring humantong sa hindi epektibong mga programa sa pagpapaunlad ng literasi. Samantala, sa Cagayan de Oro, nahihirapan ang mga mag-aaral na magbasa at umunawa ng tekstong binabasa sa edad na sampu.
Sa sangay ng Mati, South District, Davao Oriental, natuklasan na ang kakulangan sa kasanayan ng mga guro sa mga tuntunin, pagpaplano at pagpapatupad ng mga programa sa pagbabasa, pagbibigay ng indibidwal na suporta, pagsusuri ng

datos at pakikipag-usap sa mga magulang at tagapakinabang ay may malaking epekto sa literasi ng mga mag-aaral (Ortiz, 2024). Sa Davao del Sur naman, ang mga tagapag-ugnay sa pagbasa ay may maraming katungkulan sa paaralan. Ang dagdag na tungkulin ng isang guro ay nagiging hadlang sa epektibong pagpapatupad ng mga interbensyon sa pagbasa. Sa dami ng kanilang responsibilidad, nawawalan sila ng sapat na oras at pokus upang masubaybayan ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral (David et al., 2019). Gayunpaman, ang pagkakaroon ng napakaraming responsibilidad ay maaaring magdulot ng stress at maging hamon para sa mga guro na manatiling produktibo. Sa pag-aaral ni Paguyan at Taoc (2021) sa Davao Oriental, natuklasan na ang performans sa pagbasa ng mga mag-aaral na nasa ikatlong baitang ay nakakabasa ngunit hindi nakakaunawa. Malaking epekto ang lebel ng pagsasanay, paunang kaalaman, salik ng guro, kasanayan sa pagbasa, at kaalaman sa talasalitaan.

May mga pag-aaral ukol sa karanasan ng mga tagapag-ugnay sa pagbasa na nagtuturo ng struggling readers sa ika-7 baitang ngunit ito'y nakatuon sa interes sa pagbasa, paghihigpit sa oras, pagharap na mga mag-aaral na may mababang pagpapahalaga sa parili, pag-unawa sa binasa, at mga isyu sa wika (Taganas at Jacincal, 2024). May pag-aaral din na ang tagapag-ugnay sa pagbasa ay humahawak ng maraming tungkulin sa paaralan. Tinalakay dito kung paano nakayanan ng guro ang mga hamon sa katungkulan, at pananatiling matatag sa pangakong maglingkod sa gitna ng mga pagsubok (Gamueta and Semblante, 2025). Ngunit, walang mga pag-aaral na nakatuon sa karanasan at estratehiya ng mga tagapag-ugnay sa pagbasa kung paano nila napagtagumpayan na ang non-reader ay maging independent reader. Ayon kay Flippo, 2014, mula sa hindi makakilala ng mga letra at tunog ng letra, at nahihirapan sa pinagsamang mga katinig ang mga mag-aaral tungo sa nagagampanan ang pagbasa nang mag-isa na may halos perpektong pagbasa nang malakas at mahusay na pag-unawa.

**Layunin ng Pag-aaral**

Ang layunin ng pag-aaral na ito gamit ang kwalitatibong Interpretib na Penomenolohikal na Pagsusuri ay tuklasin ang mga aktuwal na karanasan ng mga tagapag-ugnay sa pagbasa na naging matagumpay sa pagbabago ng mga non-reader na naging independent reader. Nilalayon ng pag-aaral na ito na suriin ang pinakamahusay na mga kasanayang ginagamit ng mga tagapag-ugnay at kung paano nila naiintindihan at pinahahalagahan ang kanilang mga karanasan bilang matagumpay na tagapag-ugnay sa pagbasa.

**Katanungan sa Pananaliksik**

1. Ano ang mga estratehiya ng mga matagumpay na tagapag-ugnay sa pagbasa sa pagpapabago ng non-reader sa independent reader?
2. Paano nila binibigyang-saysay ang kanilang karanasan ayon sa kaugnayan bilang matagumpay na tagapag-ugnay sa pagbasa?

**Rebyu ng mga Kaugnay na Literatura**

***Mga Hamon na Kinakaharap ng mga Tagapag-ugnay sa Pagbasa***

Ang mga isyu sa pag-unawa sa linggwistika ay isang malaking hamon para sa mga tagapag-ugnay sa pagbabasa, lalo na sa paglipat ng mga mag-aaral sa sekondarya kung saan mas kumplikado ang mga teksto at ang kakulangan sa kasanayan sa wika ay nagpapahirap sa kanilang pag-unawa (Taganas et al. 2024). Bukod dito, binanggit ni Owis (2021) na ang maraming responsibilidad ng mga tagapag-ugnay sa pagbabasa ay nakakaapekto sa kanilang mga karanasan at pananaw sa edukasyon, ngunit maaari nilang mapamahalaan ang kanilang iba't ibang tungkulin nang epektibo sa pamamagitan ng sapat na suporta mula sa mga namamahala ng paaralan, na nagpapalakas ng kanilang sigasig at dedikasyon sa pagpapabuti ng mga interbensyon sa pagbasa.

Ang pamamahala ng maraming tungkulin ay isang malaking hamon para sa mga tagapag-ugnay sa pagbabasa dahil kailangan nilang balansehin ang pagpapatupad ng kurikulum, suporta sa kasamahang guro, at pag-implementa ng interbensyon sa mag-aaral upang matiyak ang epektibong programang panliterasi at patuloy na propesyunal na pag-unlad (Huang et al., 2020). Gayunpaman, binigyang-diin ni Awej (2020) na ang pagbabalanse ng maramihang obligasyon ay madalas na nagdudulot ng makabuluhang hamon sa pamamahala ng stress, na napakahalaga sa pagpapanatili ng epektibong pagtuturo habang tinutugunan ang magkakaibang pangangailangan ng mga mag-aaral, at ang pagbabalanse na ito ay maaari ring humantong sa pagka-burnout lalo na kung nahaharap sila sa mas mataas na antas ng pagiging produktibo.

*Mga Estratehiya ng mga Tagapag-ugnay sa Pagbasa*

Ang pagtutulungan at delegasyon bilang epektibong estratehiya para sa mga tagapag-ugnay sa pagbabasa, kung saan mahalagang tiyakin ang pamamahala ng trabaho at epektibong programa sa literasiya sa pamamagitan ng pakikilahok ng iba't ibang stakeholder sa mga gawain tulad ng pamamahala ng mapagkukunan at pakikipag-ugnayan sa komunidad (Llarena, 2023). Katulad nito, ipinakita nina Saucedo et al. (2019) na ang pagpapanatili ng positibong pag-iisip ay mahalaga sa mga tagapag-ugnay upang manatiling matatag at umangkop sa mga hamon, na nagpapahintulot sa kanila na patuloy na pagbutihin ang resulta ng literasiya ng mag-aaral at makagawa ng epektibong interbensyon sa pagbabasa. Ang pakikipag-ugnayan sa mga LGU, NGO, at pribadong sektor ay nagpapalakas din sa programa sa pamamagitan ng pagpapanatili at pagkuha ng suporta.

Bilang karagdagan, iginiit nina Kaminskienė et al. (2021) na ang patuloy na propesyonal na pag-unlad ay nagpapahusay sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

kakayahan ng mga tagapag-ugnay sa pagbabasa na harapin ang mga hamon sa pamamagitan ng pagsasanay sa literasiya, pamumuno, at pamamahala ng stress. Bukod dito, binibigyang-diin nina Liu et al. (2021) ang kahalagahan ng pangangalaga sa sarili sa pagbabawas ng pagkapagod sa mga tagapag-ugnay, kung saan ang mga estratehiya tulad ng pagtatakda ng hangganan at paghahanap ng suporta ay nagpapabuti sa katatagan at kasiyahan sa trabaho, na nagpapahintulot sa pangmatagalang pakikipag-ugnayan sa mga inisyatiba sa literasiya. Ang pamumuhunan ng mga paaralan sa propesyonal na pag-unlad ay lumilikha ng bihasa at masigasig na kawani sa literasiya.

*Mga Hamon na Kinakaharap ng mga Tagapag-ugnay sa Pagbasa*

Ang mga tagapag-ugnay sa pagbabasa sa mga mataas na paaralan ay nahaharap sa maraming hamon kapag tinutugunan ang magkakaibang mga pangangailangan ng nahihirapang mga mambabasa. Ang mga hamon na ito ay madalas na nauugnay sa parehong panlabas at panloob na mga kadahilanan, na humahadlang sa kanilang kakayahang na gabayan ang mga mag-aaral tungo sa kasanayan sa pagbasa (Taganas et al. 2024). Isa sa nagpapahirap sa mga tagapag-ugnay sa pagbasa ay ang pagharap sa mga mag-aaral na nagpapakita ng kawalan ng interes sa pagbabasa na humahadlang sa pagpapatupad ng mga programa sa remediation. Ito ang nagpapahirap sa kanila na makabuo ng isang nakakaengganyo at nakakaganyak na kapaligiran sa pag-aaral. Ang kawalan ng sigasig at kawalan ng tugon ng mag-aaral ay madalas na humahantong sa pagkabigo sa mga tagapagturo, kahit pa man sila ay walang pagod na nagsisikap sa pagtuturo ng pagbabasa sa mga mag-aaral.

Ang limitadong oras dahil sa maraming responsibilidad na binabalanse ng mga tagapag-ugnay sa pagbabasa, madalas sa kanilang ekstrang oras, ay isang malaking hamon. Dahil dito, nababawasan ang kanilang kapasidad na magbigay ng indibidwal na atensyon na mahalaga sa pagsuporta sa mga nahihirapang mambabasa (Fauza, 2020). Kaugnay nito, natuklasan ni Estrella et al. (2020) na ang mababang pagpapahalaga sa sarili ng mga mag-aaral na nahihirapan sa pagbabasa ay isa ring makabuluhang alalahanin, na maaaring humantong sa emosyonal at asal na mga hamon, kung saan ang kanilang pakikibaka ay maaaring magresulta sa pambubulas o pagtanggi ng mga kasamahan, na lalong humahadlang sa kanilang akademikong pag-unlad at nangangailangan ng mga tagapag-ugnay na tugunan ang kanilang emosyonal na kagalingan kasabay ng kanilang pang-akademikong pangangailangan.

## METODO

### Disenyo

Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibong pag-aaral na nagbibigay ng pokus sa pag-unawa at pagbibigay-kahulugan sa mga karanasan ng mga indibidwal sa loob ng kanilang kontekstong panlipunan. Sa kwalitatibong pag-aaral na ito, gagamitin ko ang interpretib na penomenolohikal na pagsusuri. Ito ay kumbinasyon ng interpretasyon at paglalarawan sa pagsisiyasat sa karanasan ng tao. Kinikilala ng paggamit ng pamamaraang ito na ang lahat ng penomena ay bibigyang-kahulugan at interpretasyon. Ayon kay Smith (2009), ang interpretive penomenolohikal na pagsusuri ay isang metodolohiyang kwalitatibo sa pananaliksik na nagsusuri kung paano nauunawaan ng mga indibidwal ang kanilang mga karanasan.

### Partisipante sa Pananaliksik

Ang partisipante ang pag-aaral na ito ay walo (8) na sasailalim sa in-depth interview. Ayon kay Creswell, (2013), ang pagkakaroon ng 5 hanggang 25 na partisipante na kalahok sa isang kwalitatibo na pag-aaral ay makatutulong sa isang mananaliksik na bumuo at mapanatili ang isang malapit na relasyon at sa ganoon ay mapanatili ang tuwiran at bukas na palitan ng impormasyon.

Ang mga partisipante ay mga guro sa pampublikong paaralan na nagsilbi rin bilang tagapag-ugnay sa pagbasa sa kani-kanilang mga paaralan sa Sangay ng Davao del Norte. Upang matukoy ang mga kwalipikadong partisipante, itatakda ng mananaliksik ang mga sumusunod na pamantayan: ang guro ay kailangan may higit sa limang (5) taon na karanasan bilang tagapag-ugnay sa pagbasa, kasalukuyang nagtuturo ng literasi sa alinmang elementarya o sekondaryang baitang, at may konkretong ebidensya sa matagumpay na pagpapaangat ng isang non-reader tungo sa pagiging independent reader batay na rin sa mga record nila sa kanilang paaralan.

### Pamamaraan sa Pagkuha ng mga Datos

Ang pag-aaral ay gagamit ng mga kalahok bilang pangunahing mapagkukunan ng datos, at ang pag-aaral ay susunod sa isang mahigpit na protokol sa kabuoang proseso nito. Ang unang hakbang ay ang pagkuha ng pahintulot para isagawa ang pag-aaral, simula sa pagkuha ng pahintulot mula sa Dekano ng Gradwadong Paaralan at mula sa Institusyonal na Komite ng Pananaliksik at Etika ng Unibersidad ng Immaculate Conception. Samantala, ang gabay sa panayam alinsunod sa dalawang (2) katanungan sa pananaliksik ay isasailalim sa proseso ng balidasyon sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga miyembro ng panel o mga tagapagbalideyt. Pagkatapos nito, hihingi ng liham pag-endoso mula sa tagapayo at isusumite ang papel sa kinauukulan.

Pagkatapos makuha ang unang mga pahintulot, tatanggapin din ang pahintulot mula sa Opisina ng Rehiyon kalakip ang kaukulang mga liham ng pahintulot upang magsagawa ng harapang panayam sa mga napiling kalahok, na tinukoy mula sa mga itatakdang kraytirya ng pag-aaral. Gayundin, mamamahagi ng mga porma ng pagpapabatid ng pahintulot sa iba't ibang paaralang pinanggalingan ng mga gurong kalahok

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

sa pag-aaral. Ang mga kalahok na ito ay pipiliin nang kusa ng mananaliksik ayon sa mga itinakdang pamantayan ng pag-aaral, at bibigyan sila ng boluntaryong pagpili na sumali sa pag-aaral.

Bago isagawa ang in-depth interview, ipaliliwanag sa mga kalahok ang layunin, proseso, at saklaw ng pag-aaral, kabilang ang inaasahang haba ng panayam na maaaring aabot sa 30-45 na minuto. Bibigyan sila muli ng pagkakataon na magtanong ukol sa pananaliksik at sasagutin ito nang malinaw ng mananaliksik. Ang bawat partisipante ay bibigyan ng informed consent na naglalaman ng manlinaw na pahayag na sila ay boluntaryong lalahok, at may karapatan silang umatras anumang oras sa pag-aaral kahit walang paliwanag, at walang negatibong epekto sa kanilan sakaling sila ay umatras.

Ilalahad rin sa mga partisipante na ang panayam at irerekord sa pamamagitan ng audio recording upang matiyak ang wastong dokumentasyon ng mga datos ngunit ito ay dapat may pahintulot nila. Bukod rito, isasagawa rin ang note-taking upang hindi makaligtaan ang anuman detalye o obserbasyon, kabilang mga kilos, emosyon, at interaksyon ng kalahok.

Sa pagsasagawa ng in-depth-interview, titiyakin ko na ito ay magaganap sa isang pribado at komportableng lugar upang masiguro ang kapanatagan ng mga partisipante. Kung makararanas man ang partisipante ng emosyonal na pagkabalisa o pagkatapos ng panayam, maghahanda ako ng support at referral protocol gaya ng pagkakaroon ng debriefer o referral sa local na psychosocial o healthcare services para sa nararapat na suporta.

Ang pag-aaral na ito ay masusing susunod sa mga probisyon ng Data Privacy Act of 2012. Titiyakin ko na ang lahat ng personal na impormasyon ng mga kalahok ay maging kumpidensyal, ligtas na iimbak, at itatapon sa tamang paraan pagkatapos ng pananaliksik. Hindi rin ibabahagi ang datos maliban na lamang kung ito ay kinakailangan para sa layunin ng pag-aaral at may pahintulot ng kalahok.

Bago isagawa ang pinal na pagsusuri ng datos, gagawin ang proseso ng member checking kung saan ibabalik sa mga kalahok ang buod ng kanilang sagot upang tiyakin ang katumpakan ng interpretasyon ng datos.

**Pagsusuri ng Datos**

Ang pag-aaral na ito ay gagamamit ng thematic analysis. Ayon kina Clarke at Braun (2013), ang thematic analysis ay isang uri ng pagsusuri sa kwalitatibong pananaliksik na nagbibigay ng pagsusuri at representasyon ng mga tema na may kaugnayan sa datos na binubuo ng familiarizing, coding, generating themes, reviewing themes, defining, naming themes and writing up. Dagdag pa niya, bumubuo ito ng mga pangunahing tema sa pamamagitan ng komprehensibong pagbabasa sa mga datos na nakalap. Ang layunin ng pagsusuri na ito ay lumikha ng mga sentral na tema para sa pananaliksik na ito bilang isang uri ng resulta tungkol sa mga nagaganap na penomena.

Bilang mananaliksik, sisiguraduhin kong organisado at susunod sa hakbang ng pag-aanalisa sa mga transcript ng panayam, mga tala sa obserbasyon, mga audio recording, at anumang iba pang materyal na teksto bilang isang paraan upang sundin ang pamamaraan ng pananaliksik at makakuha ng mas mahusay na pag-unawa sa mga penomena sa ilalim ng pananaliksik. Ayon kay (Creswell, 2017), ang IPA na paraan sa pag-aanalisa ng datos ay nakasunod sa mga hakbang: pagbabasa at pagkuha ng tala, pagpuna sa mga lumitaw na tema, paggawa ng mga koneksyon sa pagitan ng mga lumitaw na tema, paggawa ng talaan ng mga tema, pagkatapos ay magpatuloy sa susunod na kaso, at pagkatapos ay gawing pinal ang talahanayan ng mga tema bago isulat ang pananaliksik.

Para sa unang hakbang ng pagsusuri, ang pagbabasa at pagkuha ng tala, susuriin ko ang mga transcipt sa pamamagitan ng pagbabasa at muling pagbabasa ng mga ito. Upang lubos na maunawaan at maisali ko ang aking sarili sa datos, makikinig muli ako sa mga audio recording ng mga panayam habang sinusuri ang mga transcript. Nilalayon kong makipag-ugnayan nang malapit sa datos. Sa bawat pagbabasa, bibigyang-kahulugan ko ang teksto gamit ang mga paunang kaisipan at ideya, na isinusulat ang mga ito sa mga gilid ng transcript.

Kasunod nito, pagkatapos ng masusing anotasyon sa transcript, babalik ako sa simula at tutukuyin ang anumang mga lumitaw na tema. Gamit ang mga detalyadong interpretasyong ginawa sa simula, kukunin ko ang mga lumitaw na tema sa halip na direkta mula sa transcript. Bagama't may mga posibleng paulit-ulit na tema sa paunang pagkuha ng tala, sa pangalawang yugtong ay babaguhin ito na naaayon sa nais ipahiwatig ng mga partisipante.

Sa yugto naman ng pag-uugnay ng mga lumitaw na tema, pagtutuonan ko ang pagtukoy ng mga pagkakatulad ng konsepto sa pagitan ng mga lumitaw na tema. Habang pinagsama-sama ko ang mga lumitaw na tema sa mga sub-tema, babalikan ko ang mga transcript para kumpirmahin na ang mga koneksyong ito ay nakaayon sa di-naprosesong datos. Kapag ang aking pagsusuri ay lumayo mula sa eksaktong mga salita ng mga kalahok patungo sa interpretib na pagsusuri, titiyakin ko na ako ay mananatiling tapat sa esensya ng kanilang mga testimonya.

Pagkatapos, i-aanalisa ko ang kasunod na transcript alinsunod sa kaparehong proseso. Dito, bibigyang-diin ko ang kahalagahan ng pagtrato sa bawat kaso nang hiwalay. Ang aking pagsusuri ay maaaring maimpluwensyahan ng mga

natuklasan mula sa mga nakaraang karanasan, ngunit gagawin ko ang lahat ng pagsisikap na isantabi ang anumang mga naisip na ideya na maaaring lumabas mula sa mga naunang transcript. Sa huling proseso ng interpretib na penomenolohikal na pagsusuri, ang pagkilala sa mga hiwalay na kaso ay pinapayagan para sa isang komprehensibong paggalugad at sintesis ng mga tema na hinango mula sa kwalitatibong datos.

Ang pamamaraan na ito ay nagbigay-daan sa pag-unawa sa mga kumplikado at pagkakaiba-iba ng mga datos, na nagpapadali sa paglikha ng isang komprehensibong hanay ng mga tema na makukuha ng magkakaibang pananaw at interpretasyon sa pag-aaral. Sa pamamagitan ng pag-uulit sa prosesong ng pagsusuri ng kaso at pagbuo ng tema, makabubuo ng detalyadong paglalarawan ng mga penomena na sinisiyasat, na nagpapahusay sa lalim at lawak ng mga natuklasan sa pananaliksik.

**Etikal na Konsiderasyon**

Bilang mananaliksik, ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagpapanatili ng pinakamataas na pamantayang etikal sa pagsasagawa ng pananaliksik. Upang matiyak ang pangangalaga sa mga karapatan at kapakanan ng lahat ng kalahok, ang pag-aaral ay isusumite para sa pagsusuri at pag-apruba ng University of the Immaculate Conception Research Ethics Committee (UIC-REC). Sa pamamagitan ng prosesong ito, natitiyak na ang lahat ng hakbang ay alinsunod sa mga itinakdang etikal na gabay at polisiya ng institusyon.

Taglay nito ang kinakailangang kakayahan at kaalaman upang maisagawa ang pananaliksik nang may pananagutan at kahusayan, sa ilalim ng paggabay ng aking tagapayo at sa pakikipagtulungan sa mga miyembro ng panel na nagbibigay ng mahahalagang pananaw at suporta sa buong proseso. Bukod pa rito, aking gagamitin ang pasilidad ng institusyon gaya ng UIC Library at iba pang pasilidad upang matiyak ang katumpakan, integridad, at akademikong kalidad ng pananaliksik. Ang mga ito ay may mahalagang papel sa pagbuo, pagpapatupad, at pagtatapos ng pag-aaral.

## RESULTA

**Profayl ng Partisipante**

**Talahanayan 1**
**Propayl ng mga Partisipante**

| Koda | Kasarian | Edad | Designasyon | Subject Taught | Bilang ng taon sa pagiging Tagapag-ugnay sa pagbasa |
|---|---|---|---|---|---|
| Tagapag-ugnay sa Pagbasa 1 | Female | 29 | Teacher III | Filipino | 8 |
| Tagapag-ugnay sa Pagbasa 2 | Female | 30 | Teacher III | TLE English | 9 |
| Tagapag-ugnay sa Pagbasa 3 | Female | 47 | Master Teacher II | Filipino | 16 |
| Tagapag-ugnay sa Pagbasa 4 | Female | 31 | Head Teacher II | Filipino | 8 |
| Tagapag-ugnay sa Pagbasa 5 | Female | 30 | Teacher II | MTB Filipino English | 7 |
| Tagapag-ugnay sa Pagbasa 6 | Female | 43 | Master Teacher I | Filipino | 10 |
| Tagapag-ugnay sa Pagbasa 7 | Female | 38 | Teacher III | English | 14 |
| Tagapag-ugnay sa Pagbasa 8 | Female | 35 | Master Teacher I | English Filipino | 13 |

**Ulat sa mga Natuklasan mula sa mga Kalahok**

**Tagapag-ugnay sa Pagbasa 1: Mga Personal na Tema ng Karanasan**
1. Bisa ng one-on-one reading bilang personal at angkop na interbensyon
2. Sistematikong pagtuturo: simula sa batayang kaalaman
3. Kooperasyon ng komunidad sa pagbasa: BRICS program
4. Katatagan at pananagutan sa kabila ng pagod at hamon
5. Transformasyon ng estudyante at gantimpalang emosyonal
6. Panibagong pagtingin sa tagumpay
7.Pagtuturo bilang bokasyon ng puso, hindi lamang propesyon

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Bisa ng One-on-One Reading bilang personal at angkop na interbensyon.** Naniniwala si Tagapag-ugnay sa Pagbasa 1 na ang pagbibigay ng personal na pagtutok sa mga mag-aaral na hirap sa pagbasa ay isang mabisang hakbang upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagbasa. Ayon sa kanya *Sa aming paaralan, ang ginagawa namin para matulungan ang mga batang non-readers ay one-on-one reading tutorial. Masasabi ko talaga na epektibo ito dahil mas pokus ang guro na turuan ang mag-aaral. Ang ganitong paraan ay personal at naaayon sa kakayahan at pangangailangan lamang ng bawat mag-aaral. Napansin niya na sa pamamaraan na ito, nagkakaroon ng tiyak at kaangkupan sa pagtuturo ng mag-aaral.* Sa pamamagitan ng one-on-one reading, natutugunan nito ang partikular na pangangailangan ng mag-aaral dahil iaayon ang mga materyales at gawain sa kanilang antas ng pag-unawa.

**Sistematikong Pagtuturo: Simula sa Batayang Kaalaman.** Naniniwala si Tagapag-ugnay sa Pagbasa 1 na ang paglinang ng kasanayan sa pagbasa ay dapat magsimula sa batayang kaalaman. Sa kanyang karanasan, napakahalaga na matukoy kung anong estado ng mag-aaral sa pagbasa bago simulan ang interbesnyon. Ayon sa kanya *among gi-identify ang strategy namo para sa non-readers after maconduct ang pre-test sa Phil-Iri ug diri pud namo makuha kung kinsa gyud ang mga non-readers. Diri palang daan kabalo nami kung unsa ang kahinaan ng bata kay aside sa test naga pa oral reading sa mi. (Tinukoy namin ang estratehiya na angkop sa non-readers pagkatapos naming magsagawa ng pre-test gamit ang Phil-IRI. Dito namin matukoy kung sino ang mga non-readers. Dito palang, malalaman na namin kung ano ang kahinaan ng mag-aaral. Maliban kasi na may sasagutan ang mag-aaral ay magkakaroon.)* Dito pa lamang, nalalaman na kung ano ang kahinaan ng mag-aaral, sapagkat bukod sa pasulat na pagtatasa, isinasagawa rin nila ang oral reading upang higit na masukat ang aktwal na kakayahan ng mga bata.

**Kooperasyon ng komunidad sa pagbasa: BRICS program.** Sa pagharap sa hamon ukol sa literasi partikular na sa pagbasa, saad ni tagapag-ugnay sa pagbasa 1 na kinakailangan ang tulong ng komunidad. Para palakasin ang programang ng kanilang Baranggay Council for the Protection of Children, nagkaroon ng ideya ang tagapag-ugnay na samantalahin ito upang magkaroon pa ng ibang lugar ang mga bata na magbasa. Saad pa niya, naa sad mi aning BRICS o Barrio- Based Reading Intervention Center, amo ning gihimo para suportahan ang program sa among barangay tapos nagstart ni sya katung pandemic pa. Ang among non-reader kay need moadtu sa ilang barangay ug dapat magbasa gyud. (mayroon din kaming BRICS o Barrio-Based Reading Intervention Center. Para suportahan ang programa ng baranggay, ginawa namin ito magpahanggang ngayon. Ang mga non-reader ay kailangan makabisita sa kanilang baranggay at kailangan magbasa.). Nakabubuti rin ang ganitong pamamaraan para sa mga guro sapagkat sa kabila ng kanilang abalang iskedyul, naipagpapatuloy pa rin ng mga mag-aaral ang kanilang pagbasa.

**Katatagan at pananagutan sa kabila ng pagod at hamon.** Ang pagiging isang guro at tagapag-ugnay sa pagbasa ay hindi madali, lalo na kung sabay-sabay ang mga responsibilidad sa loob at labas ng silid-aralan. Ayon kay tagapag-ugnay sa pagbasa 1 *Para sa akin, ang pagiging tagapag-ugnay sa pagbasa ay isang paglalakbay. Hindi lamang ng pagtuturo kundi ng malasakit, tiyaga, at matibay na paniniwala sa bawat batang tinuturuan ko. Hindi man palaging madali ang lahat dahil alam naman natin na marami ring ibang gawain ang guro. May mga araw na pagod na pagod na ako pero hindi pwedeng tumigil kasi alam kong may batang umaasa sa akin*. Gayunpaman, sa kabila ng pagod at dami ng gawain, pinipilit pa rin niyang gampanan ang tungkulin sa pagbibigay-tulong sa mga batang hirap sa pagbabasa.

**Transformasyon ng estudyante at gantimpalang emosyonal.** Isa sa hamon na kinakaharap ng tagapag-ugnay ay ang aktibong pakikilahok ng mga non-reader sa mga interbensyon na ipinapatupad ng paaralan. Maliban sa Reading Center ng paaralan, mayroon ding Reading Pantry na kung saan nilalagyan nila ito ng pagkain. Ayon sa tagapag-ugnay sa pagbasa 1 ... *kasali na dito ang Reading Pantry namin na kung saan ang mga bata ay binibigyan ng pagkain pagkatapos nilang dumalo sa iskdeyul nila sa pagbabasa. Minsan nagpapa-challenge ako sa mga bata, halimbawa kung makakabasa siya ng pangungusap na walang mali ang pagbigkas ng salita, kung matatapos niya ang talata sa ibinigay na takdang oras, at higit sa lahat kapag nasasagot niya aking tanong. May angkop sila na makukuha na pagkain.* Sa ganitong paraan, napapansin niya na mas nahihikayat ang mga bata na dumalo sa kanilang iskedyul sa pagbabasa kasi may makakain sila pagkatapos nito.

**Panibagong pagtingin sa tagumpay.** Naniniwala si tagapag-ugnay sa pagbasa 1 na ang tunay na kahulugan ng tagumpay ay hindi nakikita sa matataas na resulta ng marka kundi ang magkaroon ng tiwala sa sarili ang mag-aaral dahil ito'y nakakabasa na. Ayon sa kaniya *start pa lang gyud moamin*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

*naman sila na dili sila kabalo mobasa pero at the end kanang naga-attend sila sa interbensyon tapos hinay-hinay na makabasa sila, makadawat sad kog thank you. Tapos malipay ko kay mura raman sad gud nako silag anak (Sa simula pa lang kasi, inaamin na nila na hindi sila marunong magbasa pero sa huli kapag nakakabasa na sila, nagpapasalamat sila sa akin. Doon ako nagagalak. Higit sa lahat, parang anak ko* studyante, ako ang ilang ginikanan sa skwelahan na motabang para masolve ang problem sa reading. (Kailangan mong paghirapan ang bawat hakbang… Ako ang nagsisilbing tulay sa pagitan ng mga mag-aaral, at kanilang magulang upang matugunan ang suliranin sa pagbasa.). Ito ay nangangahulugan na ang sakripisyo at dedikasyon na ipinapakita sa pagtuturo sa pagbasa ng guro ay pananagutan ng puso hindi lamang obligasyon na dapat gawin.

**Tagapag-ugnay sa Pabasa 2: Mga Personal na Tema ng Karanasan**

1. Ang pagbasa ay personal na paglalakbay, hindi lamang aralin
2. Pagkilala sa antas ng mag-aaral bilang unang hakbang sa epektibong pagtuturo
3. Ang hamon ng hindi marunong bumasa sa mataas na antas ay panawagan hindi hadlang
4. Sama-samang pagkilos ng mga guro para sa isang layunin
5. Pag-unlad sa pagbasa ay kaakibat ng pagtatag ng kumpiyansa at disiplina
6. Ang tunay na tagumpay ay nakikita sa pag-unlad ng mga mag-aaral
7. Ang simpleng pagtaas ng kamay ay simbolo ng malaking tagumpay

**Ang pagbasa ay personal na paglalakbay, hindi lamang aralin.** Para kay tagapag-ugnay sa pagbasa 2, ang pagbasa ay personal, makabuluhang paglalakbay, at higit pa sa isang akademikong kasanayan. Saad niya *Bilang isang tagapag-ugnay sa pagbasa, isa sa mga pinakaepektibong estratehiyang ginamit ko at ng aming paaralan ay ang pagsasagawa ng Project RESCUERS o Remediation Enhancement Sessions and Classes to Uplift and Evaluate Reading Status of learners at one-on-one reading sessions... Hindi lamang ito basta simpleng pagtuturo kundi ito ay isang personal na paglalakbay kasama ang bawat batang nangangailangan ng tulong.* Sa pahayag ng tagapag-ugnay, mahihinuha na ang layunin sa kaniyang pagtuturo ay hindi nakatuon lamang sa pag-angat ng kaniyang kasanayan kundi sinasabayan ng guro ang indibidwal na pag-unlad ng mag-aaral.

**Pagkilala sa antas ng mag-aaral bilang unang hakbang sa epektibong pagtuturo.** Ang epektibong pagtuturo sa pagbasa ay hindi nagsisimula sa aktuwal na pagtuturo kundi pagtukoy kung nasaang antas ng pagbasa ang mga mag-aaral. Ayon kay tagapag-ugnay sa pagbasa 2, *Bago ko sinisimulan ang pagtuturo sa mga batang hindi makabasa, inaalam ko muna na rin ang turing sa kanila.)* Mapapansin sa pahayag na ito ng tagapag-ugnay ang isang makabagong pananaw sa tagumpay na hindi lamang nasusukat sa medalyang natatanggap kundi sa bawat pag-unlad ng isang mag-aaral sa kanyang kasanayan sa pagbasa mula sa kawalan ng kaalaman.

**Pagtuturo bilang bokasyon ng puso, hindi lamang propesyon**. Sa dami ng tungkulin ng isang guro sa paaralan, hindi maikakaila na mabigat ang responsibilidad ng isang tagapag-ugnay sa pagbasa. Para kay Tagapag-ugnay sa Pagbasa 1, ang kanyang tungkulin ay higit pa sa propesyon dahil isa itong bokasyon ng puso. Saad niya Need natu paghirapan ang process… for me ako ang tulay sa akong *kung ano ang kakayahan niya sa pagbabasa… Kung may kilala ba siyang mga titik at tunog ng mga titik… Malalaman namin ito sa pre-test ng Phil-Iri... Dito namin malalaman kung ano ang kailangan na gawin sa mag-aaral.* Sa pahayag na ito, napakahalaga ng pagsasagawa ng pagtatasa bago simulan ang intebensyon. Kailangan matukoy muna kung ano ang kahinaan ng mga mag-aaral.

**Ang hamon ng hindi marunong bumasa sa mataas na antas ay panawagan hindi hadlang.** Isa sa mga hamon na kinahaharap ng mga guro ngayon ay ang pagkakaroon ng mga mag-aaral na hindi pa rin marunong bumasa. Maituturing man itong hadlang sa pagkamit ng tagumpay ng guro ngunit kailangan niya itong tanggapin upang ito'y masolusyonan. Ayon kay tagapag-ugnay sa pagbasa 2, *Sa kaso namin na nasa High School na pero hindi pa marunong bumasa ng mga simpleng salita. Sa totoo lang, bilang guro sa Ingles, masakit siya para sa akin kasi bakit sila umabot sa High School na pa marunong magbasa. Kaya naiisip ko nalang na hindi ito dahilan para sumuko ako bagkus, nagsilbi itong hamon na dapat kong tugunan.* Mahihinuha sa pahayag na ito ang isang makataong pananaw ukol sa isang hamon ngayon sa edukasyon na may mga mag-aaral na nakaabot sa mataas na baitang kahit hindi pa marunong magbasa.

**Sama-samang pagkilos ng mga guro para sa isang layunin.** Naniniwala si Tagapag-ugnay sa Pagbasa 2 na ang tagumpay sa pagbasa ay hindi lamang matatamo ng isang guro sa halip ito ay bunga ng kolaboratibong pagkilos upang matulungan ang mag-aaral na mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa. Ayon sa tagapag-ugnay, *sa programa namin na Project RESCUERS...ginagawa namin ang aming kakayahang makatulong sa mga bata upang matuto silang bumasa.* Ang pahayag ay nangangahulugan ng kolektibong aksyon ng mga guro sa programa.

**Pag-unlad sa pagbasa ay kaakibat ng pagtatag ng kumpiyansa at disiplina.** Ang pag-unlad sa kasanayan ng mag-aaral sa pagbasa ay hindi nakatuon lamang sa kanilang kaalaman sa pagbigkas ng letra o salita, kundi pati na rin sa pagbuo ng kanilang kumpiyansa at disiplina sa sarili. Ayon sa kaniya, *May mga araw na parang walang nangyayaring pag-unlad sa mga bata pero sa patuloy na pagsusumikap ng guro na turuan sila, unti-unti rin silang natututo. Hindi lang sa pagbasa, kundi pati sa kumpiyansa sa sarili, disiplina.* Ipinapakita sa pahayag na ito ang lalim ng pag-unawa ng guro na hindi lamang ito patungkol sa pagbasa kundi sa paghubog ng emosyonal at personal na pag-unlad bilang pangmatagalang

**Ang simpleng pagtaas ng kamay ay simbolo ng malaking tagumpay.** Para kay Tagapag-ugnay sa Pagbasa 2, ang tagumpay ng isang mag-aaral ay nasusukat kung ang mag-aaral ay napapaangat ang kanyang kumpyansa na magbasa sa harap ng klase. Ayon sa kanya, *Kapag nakikita ko na ang batang dating takot bumasa ay biglang nagtaas ng kamay para magbasa sa harap ng klase, doon ko nasasabing ito ang tunay na tagumpay.* Ito ay nangangahulugan ng makabagong pagtingin sa tagumpay. Ang simpleng pagtaas ng kamay ay bunga ng mahabang pagsisikap, pagtitiyaga, at paniniwala ng bata sa sariling kakayahan.

**Tagapag-ugnay sa Pabasa 3: Mga Personal na Tema ng Karanasan**

1. Pagpapalawak ng inisyatiba sa pamamagitan ng pananaliksik
2. Kolaboratibong pagtuturo sa pagbasa
3. Personal na paglalakbay ng tagumpay bilang guro
4. Sistematikong proseso ng pagpapalakas sa kasanayan ng mag-aaral
5. Pagtugon sa hamon ng panahon
6. Pagkakaroon ng matibay na batayan sa tagumpay ng mag-aaral
7. Pagpapatuloy ng programa bilang patunay ng kahusayan

**Pagpapalawak ng inisyatiba sa pamamagitan ng pananaliksik.** Upang tugunan ang problemang kinahaharap ng paaralan ukol sa kasanayan sa pagbasa, bumuo si tagapag-ugnay sa pagbasa 3 ng isang kilos-saliksik. Ayon sa kanya *Gumawa ako ng isang action research kung saan ay makikinabang ang mga mag-aaral. Ang action research na ito ay nabuo dahil sa nais ng aming dating punong-guro na tulungang matutong magbasa ang mga mag-aaral na nahihirapang magbasa dahil iilan sila sa naapektuhan noong panahon ng pandemya.* Ang inisyatibang ito ng tagapag-ugnay ay hindi lamang ukol sa pagsusuri ng datos kundi ito ay maaaring gamitin upang makapagpapatupad ng isang makabuluhang pagbabago sa pagbabasa ng mag-aaral.

**Kolaboratibong pagtuturo sa pagbasa**. Ang interbensyon sa pagbasa ay nagiging matagumpay kung ito'y pinagtutulungan. Para kay Tagapag-ugnay sa Pagbasa 3*, Sa* tagumpay ng mag-aaral.

**Ang tunay na tagumpay ay nakikita sa pag-unlad ng mga mag-aaral.** Naniniwala si Tagapag-ugnay sa Pagbasa 2 na ang tunay na tagumpay ay nasusukat sa kakayahan ng isang mag-aaral na noon ay hindi marunong bumasa ngunit ngayon ay may kakayahan nang makabasa at makaunawa ng binabasa. Para sa kanya, *Sa usapin na pagiging matagumpay, para sa akin, ang tagumpay ay hindi agad-agad nasusukat. Masusukat mo lamang ito kung ang batang hindi marunong magbasa ay nakababasa na at nakakaunawa ng kaniyang binabasa.* Sa kanyang karanasan bilang tagapag-ugnay sa pagbasa, natutuhan niya na ang bawat maliit na progreso ng bata ay dapat pahalagahan.

*tulong na rin ng mga guro sa language department, naisagawa ang naturang pananaliksik at pagtulong sa mga hindi marunong magbasa.* Pinapatunayan nito na ang pagtuturo sa pagbasa ay higit na nagiging makabuluhan kung ito ay nasa kolaboratibong pamamaraan.

Personal na paglalakbay ng tagumpay bilang guro. Naniniwala si Tagapag-ugnay sa Pagbasa 3 na ang tagumpay ng isang guro ay nasusukat sa mga simpleng pangyayari na naging bahagi siya ng tagumpay ng mag-aaral. Ayon sa kanya, *Kung may mag-aaral na natututong magbasa dahil sa akin, Ito ay nagbibigay sa akin ng kagalakan bilang guro.* Ito ay nagpapakita na ang bawat pag-unlad ng mag-aaral ay may malaking impak sa isang guro.

**Sistematikong proseso ng pagpapalakas sa kasanayan ng mag-aaral.** Upang mapalakas ang kasanayan sa pagbasa ng mag-aaral, kailangan sumunod sa sistematikong proseso ang tagapag-ugnay. Ayon sa kanya, *Nagkaroon ng profiling sa mga partisipante ng pagbabasa. Pagkatapos, isasagawa ang Phil-IRI at panimulang panayam ng mga mag-aaral ng HUMSS sa mga mag-aaral ng baitang 7 at 8.* Sa hakbang na ito, inalam ng tagapag-ugnay ang uri ng mga mag-aaral na kanilang tuturuan. Inalam ang kanilang suliranin sa pagbabasa bago sila magpasya sa kung anong estratehiya ang kanilang gagamitin.

**Pagtugon sa hamon ng panahon**. Ang pakakaroon ng mga non-reader sa isang paaralan ay isang hamon na kailangan tugunan. Nabanggit ng tagapag-ugnay na may malaking epekto ang pandemya sa uri ng mag-aaral ngayon. Ngunit,

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

hindi ito rason upang sumuko sa halip kailangan itong masolusyonan. Para sa kanya, *may mga mag-aaral na hindi talaga interesado, walang kawilihan at kulang sa kusa ng loob ngunit sa tulong ng mga pagtitiyaga ng aking mga kasamahan at maging ng mga HUMSS na mag-aaral, nabigyang-solusyon rin naman.* Ang Tagapag-ugnay sa Pagbasa 3 ay nagpapakita ng kanyang positibong pananaw sa kabila ng mga hamon na dulot ng makabagong panahon at uri ng mag-aaral ngayon.

**Pagpapatuloy ng programa bilang patunay ng kahusayan**. Ang pagpapatuloy ng programa ay pagpapatunay na epektibo ang pagpapatupad ng interbensyon. Ayon sa tagapag-ugnay, *Ang RHUMSS ay patuloy pa ring isinasagawa hanggang sa kasalukuyan, patunay na naging epektibo ito sa mga mag-aaral.* Nangangahulugan na ang pagpapatuloy ng programang RHUMSS bilang interbensyon ay epektibo sa pagtugon sa tunay na pangangailangan ng paaralan.

**Tagapag-ugnay sa Pabasa 4: Mga Personal na Tema ng Karanasan**

1. Pagharap sa hamon ng pagtuturo sa mga non-reader
2. Paggamit ng inobatibong estratehiya para sa pagkatuto
3. Paglinang ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbasa
4. Pagkakaroon ng personal na katuparan bilang tagapag-ugnay sa pagbasa
5. Kahalagahan ng kooperasyon sa loob ng paaralan
6. Pagbabago ng pananaw at gawi ng mga mag-aaral sa pag-aaral
7. Paglago ng propesyonalismo sa pamamagitan ng serbisyo

**Pagharap sa hamon ng pagtuturo sa mga non-reader.** Upang tugunan ang problema ukol sa mga non-reader, kailangan tanggapin at harapin ng mga tagapag-ugnay sa pagbasa ang hamon na ito. Kaya para kay Tagapag-ugnay sa Pagbasa 4, *Isa sa mga pangunahing estratehiyang ipinatupad ko bilang tagapag-ugnay sa pagbasa upang matugunan ang pangangailangan ng mga non-reader ay ang sistematikong pag-pull out ng mga mag-aaral mula sa kanilang regular na klase. Isinagawa ito sa mga oras na hindi maaapektuhan ang kanilang mga pangunahing asignatura*. Sa ganitong paraan, nabigyan ng masinsinan at indibidwal na pagtutok ang mga mag-aaral na nahihirapan sa pagbasa.

**Paggamit ng inobatibong estratehiya para sa pagkatuto.** Upang maisakatuparan ang epektibong pagkatuto sa pagbasa, naniniwala si tagapag-ugnay sa pagbasa 4 na kinakailangan ang paggamit ng mga makabago at angkop na mga estratehiya. Ayon sa kanya, *Upang mahikayat ang mga non-readers na maging interesado sa pagbasa, sinisikap kong gawing masaya at magaan ang karanasan nila sa pagbabasa. Gumagamit ako ng mga makukulay at naaangkop na mater-*
**Pagkakaroon ng matibay na batayan sa tagumpay ng mag-aaral.** Ang tagumpay ng isang mag-aaral ay natatamo kung naisasabuhay niya ang kanyang natutunan sa pagbasa. Ayon kay Tagapag-ugnay sa Pagbasa 3, *para sa akin, masasabi mo lamang na isa kang matagumpay na tagapag-ugnay ng pagbasa kapag natitiyak mong may nangyayaring pag-unlad ang iyong mga mag-aaral sa larangan ng pagbabasa. Kapag ang bata ay nakakabasa nang tuloy-tuloy at higit sa lahat nauunawaan ang kaniyang binabasa... diyan mo pa lamang masasabing nagtatagumpay ka bilang tagapag-ugnay*. Ipinapahiwatig nito ang isang matibay na batayan ng tagumpay ang mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa ng mag-aaral.

*yales.* Ang mga pagpili ng wastong materyales ay nagsisilbing pantulong sa pagtuturo at pagpapakita ng pagiging inobatibo ng guro. Tinutugma ng guro ang nilalaman ng materyales sa interes at lebel ng pag-unawa ng mag-aaral.

**Paglinang ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbasa.** Ang paglinang sa kumpiyansa ng isang mag-aaral ay kaakibat nito ang kanyang pagkatuto sa pagbasa. Para sa tagapag-ugnay sa pagbasa 4, *sa aming interbensyon, kung ang mag-aaral ay parating dumadalo sa mga reading sessions, napansin ko ang malinaw na pagbabago sa kumpiyansa at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.* Ang ganitong sitwasyon ay tagumpay sa tagapag-ugnay na makita ang mag-aaral na unti-unting naniniwala sa kaniyang sarili.

**Pagkakaroon ng personal na katuparan bilang tagapag-ugnay sa pagbasa.** Para kay Tagapag-ugnay sa Pagbasa 4, ang bawat batang natututong magbasa ay hindi lamang bunga ng mga interbensyon bagkus ito rin ay isang patunay ng personal na katuparan sa kanyang tungkulin. Ayon sa kanya, *tuwing may isang mag-aaral na natututong magbasa dahil sa aking gabay, pakiramdam ko ay napalitan ng halaga ang bawat pagod at oras na ibinigay ko.* Mapapansin sa pahayag ng tagapag-ugnay ang malalim na koneksyon niya sa tagumpay ng kanyang mag-aaral. Hindi lamang nangingibabaw sa kanya ang pagiging guro kundi bilang kaagapay ng bata na matutong magbasa

**Kahalagahan ng kooperasyon sa loob ng paaralan.** Naniniwala si Tagapag-ugnay sa Pagbasa 4 na ang tagumpay sa mga interbensyon sa pagbasa na kanilang ipinapatupad ay pagkakaroon ng matibay na ugnayan at pagtutulungan ng lahat ng kasapi ng paaralan. Ayon sa kanya, *Nakipag-ugnayan din kami sa mga guro at magulang para makakuha ng mas*

*malinaw na ideya tungkol sa bata*. Upang maging epektibo ang interbensyon sa pagbasa, hindi lamang ang guro ang gumaganap ng mahalagang tungkulin kundi pati na rin ang kasamahang guro at magulang na bata.

**Pagbabago ng pananaw at gawi ng mga mag-aaral sa pag-aaral.** Isa sa pinakamahalagang resulta ng interbesnyon sa pagbasa ay makita ang mag-aaral na may pagbabago sa kani-na pag-unlad. Ayon sa kanya, *natuto akong maging mas mapagpasensya, mas mapanuri, at mas maunawain, hindi lang sa loob ng silid-aralan kundi pati sa tunay na buhay.* Ipinapakita ng tagapag-ugnay na ang karanasan sa pagtuturo ay hindi lamang nagbibigay ng kasanayan sa silid-aralan sa halip humuhubog din ito ng mga ugali at pananaw na mahalaga sa buhay.

**Tagapag-ugnay sa Pabasa 5: Mga Personal na Tema ng Karanasan**
1. Makataong paglapit sa pagtuturo ng pagbasa
2. Pagsasaalang-alang sa interes at kapaligiran ng mag-aaral
3. Pagkakaroon ng inobatibong kagamitang panturo
4. Pananampalataya, pagmamahal, at dedikasyon sa bawat mag-aaral
5. Pagdama ng tagumpay sa bawat batang natutong bumasa

**Makataong paglapit sa pagtuturo ng pagbasa.** Ang epektibong pagtuturo ay nakaugat sa mga estratehiya at pagmamalasakit ng guro sa kanyang mag-aaral. Ayon sa Tagapag-ugnay sa Pagabsa 5, *Kaya kahit napakarami ng aking mga mag-aaral sa aking seksyon, ginagawa ko ang aking makakaya upang maiangat ang kasanayan nila sa pagbasa at magkaroon sila ng kumpyansa sa sarili. Sapagkat, mas nagiging aktibo ang isang mag-aaral sa pagbabasa kapag alam nilang may guro na handang umalalay sa kanila hanggang silang lahat ay matutong magbasa.* Ipinapakita sa pahayag ng tagapag-ugnay na hindi hadlang ang dami ng mag-aaral o kakulangan sa oras para mapalapit sa pagbasa ang bata kundi ang pagmamalasakit at dedikasyon ng guro para turuan silang magbasa.

**Pagsasaalang-alang sa interes at kapaligiran ng mag-aaral.** Naniniwala si Tagapag-ugnay sa Pagbasa 5 na mas nagiging makabuluhan at epektibo ang pagtuturo ng pagbasa sa mag-aaral kung isinaalang-alang ang kanilang interes at kapaligiran. Para sa kanya**,** Bago natin malaman kung ano ang estratehiya na gagamitin sa non-reader, ito ay nakadepende kung ano ang mga bagay na gusto o interes sa pagbasa. Kaya, kailangan mong alamin ang kanilang kahinaan para masiguro lang pananaw at gawi sa pag-aaral Ayon kay tagapag-ugnay sa pagbasa 4, *nakakatuwang makita ang unti-unting pagbabago mula sa takot o pag-iwas sa pagbasa, hanggang sa makitang sila na mismo ang humahawak ng libro at nagbabasa nang may kumpiyansa.* Sa pahayag na ito, mapapansin na ang pagbabago ay makikita sa mas malalim na paglipat sa kawalan ng tiwala sa sarili tungo sa aktibong pakikilahok sa sariling pagkatuto.

**Paglago ng propesyonalismo sa pamamagitan ng serbisyo.** Para kay Tagapag-ugnay sa Pagbasa 4, ang pagtuturo at pagbibigay-serbisyo sa mga mag-aaral na nahihirapan sa pagbasa ay hindi lamang nakatutok sa pagpapalago ng kanilang kasanayan, kundi nagiging daan din ito sa personal mong angkop ang iyong gagamiting estratehiya. Kailangan maunawaan ng tagapag-ugnay ang mga kahiligan ng mag-aaral at mga interes nila upang mapanatili nito ang kanilang motibasyon at atensyon sa pagbabasa.

**Pagkakaroon ng inobatibong kagamitang panturo.** Mahalaga ang pagkakaroon ng mga kagamitang pampagtuturo na angkop at inobatibo upang maging epektibo ang pagtuturo ng pagbasa sa non-reader. Ayon kay Tagapag-ugnay sa Pagbasa 5, *Kaya naman Marungko ang aking ginagamit... dahil angkop ito sa kung ano ang kailangan ng mga bata lalo na kapag non-reader.* Bilang kindergarten na guro at tagapag-ugnay sa pagbasa, ang Marungko ang maituturing niyang pinakaangkop na gamitin para sa non-reader.

**Pananampalataya, pagmamahal, at dedikasyon sa bawat mag-aaral.** Naniniwala si Tagapag-ugnay sa Pagbasa 5 na ang matagumpay na pagtuturo ng pagbasa ay nakabatay sa kanyang ipinapakitang pagmamahal, dedikasyon sa tungkulin, at pagiging matatag sa pagtuturo ng bata. Ayon sa kanya, *Kinakailangan ang iyong dedikasyon, sipag, pagmamahal sa bawat mag-aaral at pananalig na sa iyong mga paraan upang silang lahat ay makakabasa.* Ang ganitong pananaw ang nagsisilbing inspirasyon niya upang patuloy na magsumikap kahit gaano pa kahirap ang sitwasyon.

**Pagdama ng tagumpay sa bawat batang natutong bumasa. Isa** sa pinakamahalagang gantimpala sa pagtuturo

| **Tagapag-ugnay sa Pabasa 6: Mga Personal na Tema ng Karanasan** |
|---|
| 1. Maagang pagtukoy sa kasanayang pagbasa |
| 2. Konsistensiya at may layuning gabi ng pagtuturo |
| 3. Estratehikong indibidwal na interbensyon |
| 4. Pagsubaybay at pagsasaayos ng pamamaraan ayon sa pag-unlad ng mag-aaral |
| 5. Kooperatibong ugnayan ng guro, magulang, at paaralan |
| 6. Pananampalataya sa kakayahan ng bawat mag-aaral |
| 7. Personal na katuparan sa tagumpay ng mga mag-aaral |

**Maagang pagtukoy sa kasanayang pagbasa.** Para kay Tagapag-ugnay sa Pagbasa 6, mahalaga na matukoy agad ang kasanayan ng bata sa pagbasa upang malapatan ito nang angkop na suporta na kinakailangan ng bata. Ayon sa kanya, *mahalagang malaman natin ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa simula pa lang ng taong-panuruan. Kailangan agad na magsasagawa na ng pagtatasa para sa mga mag-aaral.* Ang ganitong pamamaraan ay hakbang sa pagbuo ng interbensyon na naaayon sa kakayahan at pangangailangan ng mag-aaral.

**Konsistent at may layunin ang pagtuturo.** Mahalaga para sa isang tagapag-ugnay na maging konsistent, may malinaw na layunin, at may direksyon sa pagtuturo upang masiguro na sa pagtatapos ng taon ay may pag-unlad sa kasanayan sa pagbasa ng mag-aaral. Ayon kay tagapag-ugnay sa pagbasa 6, *Bilang reading teacher mahalaga na maging konsistent, may layunin, at may malinaw na direksyon na sa pagsapit ng End of School Year ang bawat mag-aaral na non-reader o struggling reader ay magkaroon ng kakayahang magbasa nang may pag-unaw.* Sa pahayag na ito, dapat magkaroon ng planodong pagtuturo at malinaw na target sa kung ano ang dapat maabot ng mag-aaral bago matapos ang taon.

**Estratehikong indibidwal na interbensyon.** Ang pagbibigay ng personalisadong tulong sa mga mag-aaral ay mahalaga upang mapaangat ang kanilang kasanayan sa pagbasa. Saad ni Tagapag-ugnay sa Pagbasa 6, *Kadalasan namin ginagawa sa pagpapabasa ay ang teknik na Gradual Release of Responsibility na I do, we do, you do together, at you do alone*. Nangingibabaw sa pahayag na ito ang pagbibigay-halaga at masinsinang atensyon para sa bawat mag-aaral upang matutong magbasa.

**Pagsubaybay at pagsasaayos ng pamamaraan ayon sa pag-unlad ng mag-aaral.** Naniniwala si tagapag-ugnay sa pagbasa 6 na ang makabuluhang pagtuturo ng pagbasa ay nangangailangan ng tuloy-tuloy na pagsusubaybay sa
ay makita ang bawat batang natutong bumasa. Ayon sa Tagapag-ugnay sa Pagbasa 5, *Hindi matutumbasan ang kasiyahan ng guro kapag lahat ng kanyang mag-aaral ay marunong magbasa.* Para sa kanya, ito ang sukatan sa tunay na tagumpay. Ang makita ang pag-unlad ng mg non-reader tungo sa pagiging independent reader.

progreso ng bawat mag-aaral. Ayon sa kanya, *Kailangan ding subaybayan ang bawat mag-aaral linggo-linggo upang malaman kung naaangkop ba ang aming pagtuturo*. Sa paraan na ito, mas madaling matukoy kung anong bahagi ng pagbasa ang kailangang pang pagtuonan at kung anong interbensyon ang nararapat na gamitin para sa mag-aaral

**Kooperatibong ugnayan ng guro, magulang, at paaralan.** Pinaniniwalaan ni Tagapag-ugnay sa Pagbasa 6, ang tagumpay sa pag-unlad sa pagbasa ng isang mag-aaral ay nakasalalay sa matibay na ugnayan at pagtutulungan ng lahat na nakapaligid sa kanya. Ayon sa kanya, *Makipag-ugnayan sa mga magulang upang patuloy na masuportahan ang bata kahit nasa bahay... Higit sa lahat mahalaga rin ang kooperasyon ng mga guro, magulang at ng buong paaralan.* Sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa magulang, nalalaman ng tagapag-ugnay ang kalagayan ng mag-aaral at naipapayo sa kanila kung paano sila mas matulungan sa pagbasa.

**Pananampalataya sa kakayahan ng bawat mag-aaral.** Magsisimula ang proseso ng pagkatuto sa paniniwala ng mga tagapag-ugnay na kaya ng bawat mag-aaral na matutong bumasa. Ayon sa Tagapag-ugnay sa Pagbasa 6, *Sa bawat kuwento ng batang natutong bumasa, naroon ang bahagi ng aking sariling kuwento bilang isang guro na naniniwalang ang bawat bata ay may kakayahang matutong magbasa basta't may gumagabay na naniniwala sa kanila.* Binibigyang-halaga ng tagapag-ugnay na may kakayahang magbasa ang mag-aaral basta't mayroong suporta at tiwala mula sa kanila.

**Personal na katuparan sa tagumpay ng mga mag-aaral.** Naniniwala si Tagapag-ugnay sa Pagbasa 6 na ang tunay na kasiyahan ng isang guro ay nakaugat sa tagumpay ng kanyang mga mag-aaral sa pagbasa. Ayon sa kanya, *Tuwing may isang mag-aaral na natutong bumasa sa tulong ko, para bang naiilawan ang isang bagong landas sa kaniyang buhay... masasabi kong natupad ko ang layunin ko.* Ang kasiyahan at personal na katuparan na nararamdaman ng tagapag-ugnay tuwing napapaangat niya ang kasanayan sa pagbasa ng mag-

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Tagapag-ugnay sa Pabasa 7: Mga Personal na Tema ng Karanasan**
1. Kontekstuwal na interbensyon batay sa kalagayan ng komunidad
2. Paggamit ng gantimpala para mahikayat ang pagbabasa
3. Pokus sa non-readers at struggling readers
4. Relasyon at empatiya bilang sukatan ng tagumpay
5. Sakripisyo at paglilingkod sa gawaing pangmisyon
6. Paniniwala sa kakayahan ng indigenous learners

**Kontekstuwal na interbensyon batay sa kalagayan ng komunidad.** Para kay tagapag-ugnay sa pagbasa 7, kailangan ikonsidera sa pagpapatupad ng mga interbensyon sa pagbasa ang kalagayan ng komunidad. Ayon sa kanya, *Sa aming Distrito dito sa Langilan, ang aming mg interbesyon o programa sa pagbasa ay District Wide, ito ay alinsunod sa utos ng aming Public Schools District Supervisor. Ang aming approach sa interbensyon ay naaayon sa kung ano ang mayroong dito sa aming lugar na far flung areas at last mile schools.* Ang kanilang interbensyon ay hindi lamang programa mula sa Kagawaran ng Edukasyon, kundi ito ay iniayon sa kung ano ang pakikinabangan at tunay na pangangailangan ng mag-aaral.

**Paggamit ng gantimpala para mahikayat ang pagbabasa.** Ang pagbibigay ng gantimpala ay isang mabisang paraan upang mahikayat ang mga mag-aaral na dumalo sa mga interbensyon sa pagbasa. Ayon sa tagapag-ugnay sa pagbasa 7, *Sa Tindahan sa Pagbasa, layunin nitong mahikayat ang mga mag-aaral na paunlarin ang kanilang kakayahan sa pagbasa sa pamamagitan ng pagbibigay ng gantimpala na pagkain … ang kanilang matatanggap na pagkain ay nakadepende batay sa kanilang ipinapakitang performans sa pagbasa.* Sa pahayag na ito, ginamit ng tagapag-ugnay ang pagkain bilang insentibo upang mahikayat ang mag-aaral na magbasa. Ang pagkain na matatanggap ay nakadepende sa ipinapakita na pag-unlad sa pagbasa ng bata.

**Pokus sa non-readers at struggling readers.** Para kay tagapag-ugnay sa pagbasa 7, ang mahalagang sangkap sa pagtuturo ng pagbasa ay ang pagbibigay ng masinsinang atensyon sa mga mag-aaral na nahihirapan o hindi pa nakababasa. Ayon sa kanya, *Mag one-on-one reading tutorial din ako sa mga non-reader para mas matutukan ko sila at malalaman ko kung may pag-unlad ba o wala sa aming ginagamit.* Ang ginagawa ng tagapag-ugnay na tutukan ang mga non-reader ay nangangailangan ng dedikasyon at mahabang pasensya upang malaman kung may mga pagbabago ba sa kasanayan sa pagbasa ng mag-aaral.

**Relasyon at empatiya bilang sukatan ng** tagumpay. Ang tunay na tagumpay ng isang tagapag-ugnay ay makikita sa
aaral ay patunay na may nagawa siyang mahalaga sa buhay ng mag-aaral.
lalim ng ugnayan at pagmamalasakit na naitatag ng tagapag-ugnay sa kanyang mag-aaaral. Ayon sa kanya, *Para sa akin, ang pagiging matagumpay na tagapag-ugnay sa pagbasa ay hindi nasusukat sa dami ng mag-aaral na natututong bumasa, kundi sa lalim ng ugnayang nabuo ko sa kanila at sa pagbabago sa kanilang pananaw sa sarili. Sa kabila ng hamon ng paglalakad sa putikan at pagtawid ng ilog papunta sa paaralan at ang bawat salitang natutunan nilang basahin ay tila nagbibigay sa akin ng kagalakan.* Bilang tagapag-ugnay, kailangan mong maunawaan ang kanilang pinagdaraanan upang alam mo kung paano sila akayin tungo sa pagkatuto nila sa pagbasa.

**Sakripisyo at paglilingkod sa gawaing pangmisyon.** Ang tungkulin ng isang tagapag-ugnay ay hindi lamang isang simpleng pagtuturo ng pagbasa kundi ito ay isang misyon na nangangailangan ng puso. Ayon kay tagapag-ugnay sa pagbasa 7, *Masasabin kong ang karanasang ito ay hindi lang talaga siya sa pagtuturo kundi ito ay isang misyon. Kaya siguro dito ako napadpad na magturo upang marami akong mga batang matulungan lalo na sa pagbabasa na isa sa kailangang matutunan ng mga IP.* Sa ibinahaging ito ng tagapag-ugnay, ipinapakita niya na ang pagtuturo ay hindi lamang kanyang propesyon kundi isa itong misyon. Hindi lamang siya nagtuturo sa halip mas pinagtutuonan niya ng pansin ang isang kritikal na kasanayan ng mag-aaral na IP ang matutong magbasa.

**Paniniwala sa kakayahan ng indigenous learners.** Naniniwala si tagapag-ugnay sa pagbasa 7 na ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagbasa ay nagsisimula kung ang tagapag-ugnay ay naniniwala sa kakayahan nila. Ayon sa kanya, *Ang pagkabalo nila sa pagbasa ang makahatag saila ug chance na mangandoy ug basin maging successful diay sila sailing life. Ang pagkatuto nilang magbasa ang nagbibigay sa kanila ng pagkakataon na mangarap at magtagumpay sa kanilang buhay.* Makikita sa pahayag na ito ng tagapag-ugnay ang matibay na paniniwala sa kakayahan ng mag-aaral na maging matagumpay sa buhay kung matututo silang magbasa.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| Tagapag-ugnay sa Pabasa 8: Mga Personal na Tema ng Karanasan |
| --- |
| 1. Pagkamit ng kalayaan sa pagbasa sa pamamagitan ng estratehiya at pagsusumikap |
| 2. Pagtuturo na lampas sa silid-aralan |
| 3. Tagumpay na nakaugat sa kooperasyon at suporta |
| 4. Pagtitiyaga sa gitna ng mga hamon |
| 5. Pagpapalalim ng personal na misyon bilang guro |
| 6. Pagpupunyagi para sa kalidad na edukasyon sa lahat ng mag-aaral |

**Pagkamit ng kalayaan sa pagbasa sa pamamagitan ng estratehiya at pagsusumikap.** Ang pagkakaroon ng kalayaan sa pagbasa ay resulta ng tamang pagpili ng estratehiya at tuloy-tuloy na pagsisikap para sa ikauunlad ng mag-aaral. Ayon kay tagapag-ugnay sa pagbasa 8, *Sa pagtatapos ng taong-panuruan, hindi bababa sa 75% o 10 sa 20 mag-aaral na non-reader na maging isang independent reader sa mga baitang 1-3.* Nangingibabaw sa pahayag ng tagapag-ugnay na ito ang tiyak na layunin na mapabuti ang kakayahan sa pagbabasa ng bawat mag-aaral upang sila ay maging handa para sa susunod na yugto ng kanilang edukasyon.

**Pagtuturo na lampas sa silid-aralan.** Naniniwala si tagapag-ugnay sa pagbasa 8 na ang pagtuturo ay hindi lamang limitado sa loob ng silid-aralan, kundi kabilang din dito ang paghubog at pagtitiwala sa sarili ng bawat mag-aaral. Ayon sa kanya, *Hindi lang kasi ito pagtuturo ng letra o salita, kundi ang pagtulong sa kanila na makita ang kanilang sariling kakayahan.* Sa pahayag na ito ng tagapag-ugnay nangangahulugan na ang pagbabasa ay hindi lamang isang akademikong kasanayan kundi isang paraan upang matuklasan ng mga mag-aaral ang kanilang halaga at potensyal.

**Tagumpay na nakaugat sa kooperasyon at suporta.** Ang tagumpay sa pagbabasa ay hindi lamang nakasalalay sa pagsusumikap ng isang guro, kundi bunga ng matibay na kooperasyon ng buong paaralan. Ayon kay tagapag-ugnay sa pagbasa 8, Sa aming paaralan ay sama-sama kaming naniniwala na sa pamamagitan ng aming Project FARE o Fostering Access to Reading Excellence... nagtutulungan kami mga guro sa pagtutok sa mga non-reader.). Sa pahayag na ito binigyang-diin ng tagapag-ugnay na ang sama-samang pagkilos ng mga guro ay nagiging mahalaga upang matamo ang layuning mapaangat ang kasanayan sa pagbasa ng mag-aaral.

**Pagtitiyaga sa gitna ng mga hamon.** Para sa mga tagapag-ugnay sa pagbasa 1, ang pagtuturo ng pagbabasa ay hindi laging madali dahil may mga mag-aaral na talagang na walang interes sa pagbabasa. Ayon sa kanya, *May mga bata talaga ngayon na ayaw magbasa kahit anong turo mo.* Sa kabila nito, patuloy niyang hinaharap ang mga pagsubok sa pamamagitan ng paghimok sa mga mag-aaral na dumalo pa rin sa reading remediation.

Pagpapalalim ng personal na misyon bilang guro. Ang tunguhin ni tagapag-ugnay sa pagbasa 8 ay hindi lamang sa pagtuturo ng kasanayan sa pagbasa, kundi sa pagpapahalaga sa bawat maliit na progreso ng mag-aaral. Aniya, *Iniisip ko na ang bawat batang natutong bumasa ay hindi lang resulta ng aking pagtuturo, kundi bunga ng pagtitiwala na sila ay may kakayahan. Kung nakakabasa ang bata, ito ay tagumpay naming dalawa.* Nangangahulugan ito na ang misyon ng tagapag-ugnay ay hindi lamang para sa kanyang sariling kasiyahan kundi para rin sa tagumpay at pag-unlad ng kanyang mag-aaral.

**Pagpupunyagi para sa kalidad na edukasyon sa lahat ng mag-aaral.** Naniniwala si tagapag-ugnay sa pagbasa 8 na ang responsibilidad niya ay hindi lamang sa pagtuturo ng letra at tunog, kundi sa pagtiyak na ang bawat mag-aaral ay may pantay na pagkakataon na mabigyan sila ng kalidad na edukasyon. Ayon sa kanya, *Sinisiguro naming mga guro na bago matapos ang taong-panuruan, wala nang batang nanatiling hindi marunong magbasa.* Matibay ang paninindigan ng tagapag-ugnay na walang maiiwan na mag-aaral anuman ang antas ng kasanayan nila.

**Ulat sa Kabuoang Natuklasan mula sa Lahat ng mga Kalahok - *Pangunahing Tema***

1. Sa muling pagninilay sa kanilang mga gawain, nakita ang bisa ng personalisadong pagtuturo sa pamamagitan ng One-on-One Reading bilang mabisang interbensyon sa mga non-reader.
2. Sa muling pagninilay sa kanilang mga gawain, namalas ang halaga ng sistematikong pagtuturo na nagsisimula sa batayang kaalaman upang masigurong matibay ang pundasyon ng pagbasa.
3. Sa muling pagninilay sa kanilang mga gawain, lumitaw ang kapangyarihan ng kooperasyon at kolektibong pagkilos ng komunidad sa tagumpay ng mga programang gaya ng BRICS.
4. Sa muling pagninilay sa kanilang mga gawain, ipinamalas ang katatagan, pananagutan, at walang sawang paglilingkod ng mga guro sa kabila ng matinding hamon at pagod.
5. Sa muling pagninilay sa kanilang mga gawain, naranasan ang emosyonal na gantimpala mula sa pagbabagong nakita sa mga mag-aaral—isang patunay ng makabuluhang tagumpay sa pagtuturo.
6. Sa muling pagninilay sa kanilang mga gawain, umusbong ang panibagong pagtingin sa tagumpay—na ito'y hindi nasusukat sa marka, kundi sa bawat progresong natamo ng mag-aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 2**
**Mga estratehiya ng mga matagumpay na tagapag-ugnay sa pagbasa**

| Koda | Estratehiya sa Pagbasa | Deskripsyon ng Estratehiya sa Pagbasa |
|---|---|---|
| Tagapag-ugnay sa Pagbasa 1 | Indibidwal na Pagtuturo (One-on-One Tutoring) | Masinsinang pagtutok sa bawat mag-aaral upang matukoy ang kanilang kakayahan sa pagbasa at matulungan sila sa kanilang partikular na pangangailangan. |
| Tagapag-ugnay sa Pagbasa 2 | Gamit ng Lokal at Kontekstuwal na Babasahin | Paggamit ng mga kuwento at teksto na may kaugnayan sa kultura, wika, at karanasan ng mga mag-aaral upang mas madaling maka-ugnay sa binabasa |
| Tagapag-ugnay sa Pagbasa 3 | Programang Remedial sa Labas ng Klase | Pagtatalaga ng oras para sa pull-out sessions o remedial classes na nakatuon sa mga non-readers o struggling readers. |
| Tagapag-ugnay sa Pagbasa 4 | Pagpapalakas ng Suporta mula sa Pamilya at Komunidad | Pakikipag-ugnayan sa mga magulang at lokal na lider upang masigurong may tuloy-tuloy na pagsasanay sa pagbabasa kahit nasa bahay o barangay ang mag-aaral |
| Tagapag-ugnay sa Pagbasa 5 | Paggamit ng Gantimpala at Papuri | Pagbibigay ng simpleng papremyo, sertipiko, o verbal na pagpupuri upang palakasin ang kumpiyansa at interes ng mag-aaral sa pagbabasa |
| Tagapag-ugnay sa Pagbasa 6 | Mentoring at Peer Tutoring | Pagpapapartner ng mga mag-aaral na mahusay na bumasa sa mga nangangailangan pa ng gabay upang matuto sa paraang hindi nakakababa ng loob |
| Tagapag-ugnay sa Pagbasa 7 | Pagsasanib ng Pagbasa sa Iba't Ibang Gawain | Pagsasama ng sining, musika, at laro sa mga aralin sa pagbasa upang mapanatili ang sigla, interes, at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral |
| Tagapag-ugnay sa Pagbasa 8 | Pananampalataya at Serbisyong may Bokasyon | Inilalarawan ng mga tagapag-ugnay na ang kanilang pagtuturo ng pagbasa ay isang misyon—nakaugat sa pananampalataya, malasakit, at adhikain na makapag-ambag sa buhay ng mag-aaral |

## DISKUSYON

**Sa muling pagninilay sa kanilang mga gawain, nakita ang bisa ng personalisadong pagtuturo sa pamamagitan ng One-on-One Reading bilang mabisang interbensyon sa mga non-reader.** Ang resulta ng pag-aaral na ito ay pinatunayan na mabisang interbensyon sa mga non-reader ang personalisadong pagtuturo sa pamamagitan ng one-on-one reading. Binigyang-diin ng mga tagapag-ugnay sa pagbasa ang kahalagahan ng personalisadong pagtuturo dahil pamamaraan na ito mas maipokus ang atensyon sa bawat mag-aaral batay sa kanyang tiyak na pangangailangan at antas ng kasanayan. Ang natuklasan na ito akma sa pahayag ni Liebfreund at Amendum (2017), ang mga mag-aaral na nahihirapan magbasa ay nangangailangan ng masinsinan, malinaw, at kognitibo at emosyonal na sumusuportang pagtuturo sa maliit na grupo o isa-sa-isa na nagbibigay ng indibidwal na tulong at puna. Kailangang makagawa ang mga guro ng agarang pagpaplano upang masuportahan ang mga nahihirapang magbasa, at maaaring makatulong ang mas maliit na bilang ng mag-aaral.

**Batayang kaalaman upang masigurong matibay ang pundasyon ng pagbasa.** Lumabas sa pag-aaral na mahalaga ang sistematikong pagtuturo na nagsisimula sa batayang kaalaman upang masigurong matibay ang pundasyon ng pagbasa ng mga mag-aaral. Hinikayat ni Tagapag-ugnay sa Pagbasa 2 na pagtuonan nang pansin ang mga pangunahing elemento gaya ng pagkilala sa mga titik at tunog lalo na sa pagtuturo sa mga non-reader dahil dito nakasalalay ang susunod na kakayahan ng bata sa pagbuo ng salita at pag-intindi sa nabasa. Ang resultang ito ay akma sa pag-aaral ni Abdon at Barrion (2022), na mas nagiging madali para sa mga mag-aaral na matutong magbasa kung ang mga tunog ng letra ay unti-unti ipinapakilala sa kanila.

Sa muling pagninilay sa kanilang mga gawain, lumitaw ang kapangyarihan ng kooperasyon at kolektibong pagkilos ng komunidad sa tagumpay ng mga programang gaya ng BRICS. Ibinahagi ng pag-aaral na ito na may malaking epekto sa tagumpay ng programa sa pagbasa gaya ng BRICS o Barrio-Based Reading Intervention Center ang kooperasyon ay kolektibong pagkilos ng komunidad. Sa ibinahagi ng Tagapag-ugnay sa Pagbasa 1, kapag may suporta ang lokal na pamahalaan, tumataas ang posibilidad ng mga mag-aaral na magsanay sa pagbabasa. Ipinakita sa inisyatiba ng Partners for

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Rural Impact o PRI (2023), na ang pagpapatatag na community coordination ay nagdulot ng pagtaas sa kahandaan sa kindergarten, kakayahan sa pagbasa sa ikatlong baitang, at antas ng pagtatapos sa hayskul.

**Sa muling pagninilay sa kanilang mga gawain, ipinamalas ang katatagan, pananagutan, at walang sawang paglilingkod ng mga guro sa kabila ng matinding hamon at pagod.** Sa mga ibinahagi ng mga tagapag-ugnay, lumabas bilang resulta na ang katatagan, pananagutan, at walang sawang paglilingkod ng mga guro sa kabila ng matinding hamon at pagod ay mabisang estretahiya na kailangan taglayin ng isang guro. Ayon sa Tagapag-ugnay sa Pagbasa 1, kahit na pagod at maraming iba pang responsibilidad, hindi siya humihinto dahil alam niyang may mga batang umaasa sa kanyang tulong. Ayon kay Antonio (2023), ang katatagan ay mahahalagang katangiang dapat taglayin ng mga guro upang makapagbigay ng positibong tugon sa mga hamon sa kabuoan ng kanilang tungkulin. Ang katatagan ng mga guro ay may kaugnayan sa mga positibong gawi sa pagtuturo at kanais-nais na kinalabasan ng pagkatuto para sa mga mag-aaral.

**Sa muling pagninilay sa kanilang mga gawain, naranasan ang emosyonal na gantimpala mula sa pagbabagong nakita sa mga mag-aaral—isang patunay ng makabuluhang tagumpay sa pagtuturo.** Lumabas sa pag-aaral na ang mga tagapag-ugnay sa pagbasa ay naranasan ang emosyonal na gantimpala mula sa pagbabagong nakita sa mga mag-aaral bilang patunay ng makabuluhang tagumpay sa pagtuturo. Ayon kina tagapag-ugnay sa pagbasa 1 at 2, ang tunay na tagumpay ng isang guro ay makita na ang mag-aaral na non-reader na dati takot at walang kumpiyansa na magbasa, ngayo'y nagbabasa na ito ng may kasiyahan at tiwala sa sarili. Tugma ito sa obserbasyon ni Dayagbil (2020) na ang emosyonal na kasiyahan ng guro ay isang mahalagang salik na nagpapatatag sa kanilang dedikasyon sa propesyon.

**Sa muling pagninilay sa kanilang mga gawain, umusbong ang panibagong pagtingin sa tagumpay—na ito'y hindi nasusukat sa marka, kundi sa bawat progresong natamo ng mag-aaral.** Binanggit ng mga tagapag-ugnay sa pagbasa na ang tagumpay nila ay hindi nasusukat sa marka kundi sa bawat pag-unlad na natatamo ng mag-aaral. Ayon sa mga Tagapag-ugnay sa Pagbasa 1, ang tunay na tagumpay ay nasusukat hindi sa pagkilala kundi sa pagbabagong nakikita sa mga batang dati'y walang tiwala sa sarili at hirap magbasa, ngunit ngayo'y nagbabasa na nang may kasiyahan at kumpiyansa sa harap ng klase. Ayon kay Espinosa at Jajalla (2024), ang pag-unlad at paglago ng mga mag-aaral, gaano man ito kaliit, ay nagdudulot ng malalim na kasiyahang sa tagapag-ugnay. Ang ganitong pakiramdam ng katuparan ay madalas na nagmumula na makita ang isang batang na hindi marunong magbasa ay nauunawaan ang isang konsepto o matagumpay na nakabasa ng isang teksto na epekto ng kanilang suporta at paggabay.

**Implikasyon Para sa Pagsasanay sa Edukasyon**

Mahalaga ang ginagampan na tungkulin ng mga tagapag-ugnay sa pagbasa sa paghubog ng kasanayan sa pagbasa ng mag-aaral mula sa pagiging non-reader tungo sa independent reader. Kitang-kita sa resulta ng pananaliksik na may malalim na epekto ang mga natuklasan sa mga programa at interbensyon ng paaralan, lalo na sa aspekto ng pagbasa. Ang mga ipinapatupad na interbensyon gaya ng indibidwal na pagbabasa, paggamit ng lokal at kontekstuwal na materyales, at sistematikong pagtuturo mula sa mga batayang kaalaman ay napatunayang matagumpay sa pagtugon sa pangangailangan ng mga non-reader at struggling readers. Dahil dito, maaaring isama ng mga paaralan sa kanilang patakaran ang regular at sistematikong pagsusuri sa antas ng pagbasa ng mga mag-aaral, at ang pagbigay ng sapat na oras at kagamitan sa pagbasa para sa indibidwal na pagtuturo. Sa ganitong paraan, magiging bahagi ng istrukturang pang-edukasyon ang mas malalim na pagtugon sa mga indibidwal na pangangailangan ng bawat bata.

Maaaring din mas tutukan ng bawat paaralan ang pag-implementa ng Republic Act no. 12028 "Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program Act" upang magabayan ang mga mag-aaral lalo na ang nahihirapang magbasa na mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagbasa. Kailangan magkaroon ng sapat na panahon ang mga guro na magturo at maghanda ng mga kagamitan na akma sa kakayahan ng bawat upang makuha ang layunin ng kagawaran na Bawat Bata Bumabasa.

**Implikasyon Para sa mga Mananaliksik sa Hinaharap**

Sa mga resulta ng pananaliksik, mahalaga ang pagpapalalim ng pag-aaral ukol sa pangmatagalang epekto ng mga estratehiya tulad ng one-on-one reading, paggamit ng kontekstuwal na mga babasahin, at pakikipagtulungan ng komunidad sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa. Mainam na siyasatin kung paano nagiging nananatili o nababawasan ang benepisyo ng mga interbensyon sa paglipas ng panahon, at kung aling mga salik tulad ng suporta mula sa pamilya, kalidad ng mga materyales, at antas ng pagsasanay ng mga guro ang may pinakamalaking epekto sa tagumpay ng mga estudyante. Maari ring magsagawa ng mga paghahambing na pag-aaral upang matukoy kung aling mga estratehiya ang pinaka-angkop para sa iba't ibang antas at sitwasyon ng mga mag-aaral.

Samantala, mahalagang alamin ng mga susunod na pag-aaral kung paano maaring iakma at palawakin ang mga epektibong modelo ng pagbasa sa iba't ibang konteksto, kabilang ang mga paaralang may limitadong pondo at mga komunidad na may natatanging kultura o wika. Ang masusing pagsusuri tungkol sa pagsasama ng teknolohiya tulad ng mga digital learing tools na e-books, sining, at iba pang makabagong paraan sa mga programang pampagbasa ay maaaring maghatid ng bagong pananaw at solusyon sa mga patuloy na suliranin ng

non-readers. Sa ganitong paraan, ang mga susunod na pananaliksik ay hindi lamang makakapagtibay sa mga umiiral na natuklasan kundi makakapagbigay din ng tiyak na mungkahi para sa mas epektibo, inklusibo, at napapanatiling mga hakbang sa pagbasa.

Ang pag-aaral at interpretasyon sa mga datos mula sa pananaliksik na ito ay nagbigay-daan sa mas malalim kong pag-unawa sa mga aspekto ng pagtuturo ng pagbasa, partikular sa konteksto ng mga non-readers. Sa kabuoan ng proseso, napansin ko na ang tagumpay ng mga estratehiya ay hindi lamang nakasalalay sa kanilang teknikal na disenyo, kundi higit sa lahat, sa dedikasyon at pag-aalala ng mga guro na nagpatupad nito. Ang mga natuklasan ay nagpapalakas sa aking paniniwala na ang pagbibigay ng indibidwal na atensyon, organisadong pagtuturo, at pakikipagtulungan sa komunidad ay mga batayan ng epektibong programang pagbasa.

Bilang tagapag-ugnay sa pagbasa, mayroong akong praktikal na karanasan at matinding layunin na mapahusay ang kakayahan sa pagbasa ng lahat ng mag-aaral. Ito ay nagbigay-daan sa akin upang mas mabilis na maunawaan ang halaga ng mga interbensyon. Ang aking karanasan ay nagbigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga sitwasyon ng mga guro at mag-aaral na kasangkot sa proseso ng pagkatuto. Sa bawat kuwento, mas naunawaan ko ang damdamin ng pagtuturo ng pagbasa lalo na ang pagsusumikap, dedikasyon, at ligaya sa bawat maliit na tagumpay.

Gayundin, ang aking karanasan ay nagdagdag ng karagdagang lalim sa pag-unawa sa mga kahulugan ng mga kinalabasan. Hindi lang ako tumingin sa datos bilang patunay ng tagumpay o kakulangan ng mga estratehiya, kundi bilang inspirasyon para makabuo ng mas matatag na polisiya at mas epektibong programa sa darating na panahon.

Ang prosesong ito ng pagsusuri ay hindi lang nagbigay linaw ng mga kasalukuyang pamamaraan at polisiya, kundi naging pagkakataon din ito para sa personal na pagninilay hinggil sa aking tungkulin bilang tagapagtaguyod ng literasiya. Sa ganitong pananaw, ang pananaliksik ay hindi lamang pagtitipon ng datos, kundi isang mas makatao at makabuluhang kuwento na naglalayon magbigay ng mas maraming oportunidad para sa pagbabasa at pagkatuto ng bawat bata.

## SANGGUNIAN


1. *Abdon, M.M.& Barrios, A. (2022). Phonological awareness intervention in mother tongue among Filipino kindergarten learners. Indonesian Journal of Applied Linguistics, 12(2), 399-411*
2. *Antonio, G. C. (2023). Resilience and Sense of Self- Efficacy among Filipino Educators During the 2019 Corona Virus Pandemic. American Journal of IR 4.0 and Beyond, 2(1), https://doi.org/10.54536/ajirb.v2i1.1457*
3. *Creswell, J.W. (2007). Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches (2nd ed.). from http://psycnet.apa.org/record/2006-13099-000*
4. *David, C. C., Albert, J. R. G., & Vizmanos, J. F. V. (2019). Pressures on public school teachers and implications on quality. Philippine Institute for Development Studies ISSN: 2508-0865 No. 2019-01*
5. *Dayagbil, F. T. (2020). Teaching as a calling: Teachers' experiences and motivation. Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences, 7(3), 1–8.*
6. *Espinosa, E. M. A., & Jajalla, J. B. (2025). Delving into the cases of high school reading coordinators in scaffolding non-reader students: A case study. Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 30(6), 1071-1114. https://doi.org/10.5281/zenodo.14628443*
7. *Foorman, B. (2016). Introduction to the special issue: Challenges and solutions to implementing effective reading intervention in schools. New Directions for Child and Adolescent Development, 154, 7–10*
8. *Gamueta, M. M., & Semblante, R. J. B. (2025). Managing multiple hats: A multiple case study of reading coordinators with multiple roles. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 11(1), 354. https://doi.org/10.36713/epra19778*
9. *Kaminskienė, L., Žydžiūnaitė, V., & Juozaitienė, R. (2021). Relationship between factors of teachers' leadership: Positive attitudes, professional activeness, and stress at school. Mathematics, Informatics, and Education Science Journal, 26(2), 11. https://doi.org/10.30924/mjcmi.26.2.11*
10. *Liebfreund, M. D., & Amendum, S. J. (2017). Teachers' Experiences Providing One-on-One Instruction to Struggling Readers. Reading Horizons: A Journal of Literacy and Language Arts, 56 (4). Retrieved from https://scholarworks.wmich.edu/reading_horizons/vol56/iss4/5*
11. *Llarena, Z. G. (2023). Exploring the roles of school heads in the implementation of reading programs. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 9(4), 60-63. https://doi.org/10.36713/epra12848*
12. *Moats, L. C. (2020). Teaching Reading" Is" Rocket Science: What Expert Teachers of Reading Should Know and Be Able to Do. American Educator, 44(2), 4*
13. *Ortiz, Ruby Joy (2024). Planning Techniques of Reading Coordinators and the Literacy Development among Elementary School Learners in Mati South District*
14. *Smith, J. A., Flowers, P., & Larkin, M. (2009). Interpretative phenomenological analysis: Theory, method and research. Los Angeles, CA: SAGE*
15. *Taganas, R. I., & Jancinal, R. A. (2024). Lived experiences of reading coordinators in handling grade 7 struggling readers: A phenomenological inquiry. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 4(3), 81-89. https://doi.org/10.47760/cognizance.2024.v04i03.008*
16. *16.Thongsan, N. C. (2023). Vocabulary uptake and retention from reading a graded reader. https://so04.tci-thaijo.org/index.php/LEARN/article/view/266939*
17. *Unigwe, Chinyere (2018). Global View on Reading Comprehension: Implication for Family Background on Pupils' Reading Abilities. Multidisciplinary Journal of Research Development, Volume 27 No 1, April, 2018-ISSN 1596-974X*